Mga Programa at Serbisyo

Mayroong tulong sa wika sa **lahat** ng **programa at serbisyo** ng Opisina ng Sheriff ng King County (King County Sheriff's Office, KCSO), kabilang ang:

- **Serbisyong Pang-emerhensiya at Pampublikong Kaligtasan:** Komunikasyon sa 911, mga imbestigasyon, ulat ng aksidente, online na pag-uulat
- **Paglilisensya at mga Rekord:** Lisensya para sa nakatagong baril, mga serbisyong may kaugnayan sa baril, mga kahilingan para sa rekord, mga liham ng clearance
- **Serbisyong Legal at Pang-hukuman:** Mga protection order, pagpapaalis, mga civil bench warrant, paghahatid ng mga legal na dokumento
- **Mga Serbisyo at Suporta ng Komunidad:** Rehistro at paghahanap ng mga sekswal na nagkasala, Yunit ng Therapeutic Response (Therapeutic Response Unit), mga sertipikasyon ng U at T Visa

Nagkakaiba-iba ang mga numero ng telepono depende sa programa o serbisyo. Inirerekomenda naming bisitahin ang aming website upang makahanap ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa programang sinusubukan mong makausap.

Alamin pa ang tungkol sa lahat ng mga programa at serbisyo ng KCSO sa: **kingcounty.gov/services**

Serbisyo ng Kapulisan ng KCSO sa inyong komunidad!

Presinto 2
801 228th Ave SE, Suite 202
Sammamish, WA 98075
206-263-9133

Presinto 3
22300 SE 231st St.
Maple Valley, WA 98038
206-477-6446

Presinto 4
14905 6th Ave SW
Burien, WA 98166
206-477-2200

Ang KCSO ay nagseserbisyo sa **mga lugar sa King County na hindi kabilang sa anumang lungsod** at sa **ilang mga naka-kontrata na lungsod at ahensya**, kabilang ang Beaux Arts, Burien, Carnation, Covington, Kenmore, King County Int'l Airport, Lungsod ng Maple Valley (City of Maple Valley), Metro Transit, Muckleshoot, Newcastle, North Bend, Sammamish, SeaTac, Shoreline, Sound Transit, Skykomish, at Woodinville.

Emerhensiya at Pag-uulat

- **Para sa mga emerhensiya: Tumawag sa 911** Bukas ito 24 oras sa isang araw. Sabihan mo ang dispatcher na kailangan mo ng interpreter.
- **Para sa mga hindi pang-emerhensiyang sitwasyon: 206-296-3311**
- **Para sa online na pag-uulat: kingcounty.gov/sheriff**

King County

SHERIFF
KING COUNTY

Pag-access sa Wika

Alamin ang mga serbisyong pangwika na maaari mong magamit!

Ang brochure na ito ay makukuha sa iba't ibang wika.

I-scan ang QR code upang makita ang mga pagsasalin.

KCSO E-187 (5/26) Tag

Ang iyong karapatan sa pag-access ng wika

Ang Opisina ng Sheriff ng King County (KCSO) ay nagbibigay ng tulong sa wika upang matiyak na ang lahat sa ating komunidad ay makaka-access ng aming mga serbisyo. Kung nahihirapan kang magsalita, magbasa, magsulat, o umunawa ng Ingles, **may karapatan kang makatanggap ng libreng tulong sa wika.**

Ang tulong sa wika ay ibinibigay alinsunod sa **Title VI ng Civil Rights Act of 1964** at tumutulong upang matiyak na ang lahat ng miyembro ng ating komunidad ay makakapagkomunika nang epektibo sa KCSO.

Ang access sa wika ay tumutulong upang mapanatiling ligtas ang lahat. Ang kaligtasan ang aming pangunahing prayoridad.

Maaaring makatanggap ng serbisyo ang sinuman anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

Anong mga serbisyo sa wika ang ibinibigay ng Opisina ng Sheriff ng King County (KCSO)?

- **Nakasulat na mga pagsasalin**, kabilang ang mga liham, paunawa, porma, at mga tagubilin

- **Mga serbisyo ng interpretasyon**, sa pamamagitan ng video, telepono, o sa personal

- **Mga sertipikadong bilingguwal na kinatawan at kawani,** magagamit sa ilang mga wika

Tatanungin ka ng mga miyembro ng KCSO kung kailangan mo ng tulong sa wika kapag sila ay nakikipag-ugnayan sa iyo, at maaari mo rin itong hilingin anumang oras.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa mga serbisyo sa wika sa KCSO, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa: kcsolanguageaccess@kingcounty.gov.

Mahalaga ang suporta sa wika lalo na kapag ikaw ay:

- Kapanayamin ng mga kinatawan/opisyal
- Basahin ang iyong mga karapatan
- Ibinigay ang mga form na kailangang sagutan
- Pormal na tinanong

Paano ako hihingi ng suporta sa wika?

Kung kailangan mo ng tulong sa pakikipag-ugnayan sa KCSO, ipaalam ito sa isang kinatawan o sinumang miyembro ng KCSO.

Kung marunong kang magsalita ng kaunting Ingles:

- Sabihin: "Gusto ko ng isang interpreter. Nagsasalita ako ng [iyong wika]."

Gagamitin ng miyembro ng KCSO ang Language Line upang ikonekta ka sa isang propesyonal na interpreter.

Kung hindi ka marunong mag-Ingles kahit kaunti:

- Gagamit ang miyembro ng KCSO ng isang "Ituro ang Iyong Wika" ("Point to Your Language") na booklet o app upang matukoy ang iyong wika.
- Gagamitin ng miyembro ng KCSO ang Language Line upang ikonekta ka sa isang propesyonal na interpreter.

Ano ang Language Line?

Ang Language Line ay isang serbisyo sa telepono o video na ginagamit ng mga miyembro ng KCSO upang **mabilis** kang maikonekta sa isang kwalipikadong interpreter sa mahigit **240 na wika**, kabilang ang **Wikang Pasenyas na ginagamit sa Estados Unidos (American Sign Language, ASL).** Ito ay nagbibigay-daan sa amin na makipag-ugnayan sa iyo gamit ang iyong nais na wika.

Marunong ako ng kaunting Ingles. Kailangan ko ba talaga ng interpreter?

OO. Kahit na marunong ka o nakakaintindi ng kaunting Ingles, makakatulong ang isang interpreter na:

- Maiwasan ang mga hindi pagkakaunawaan
- Magbigay ng tumpak na impormasyon
- Maunawaan ang iyong mga legal na karapatan
- Humiling ng mga serbisyo tulad ng mga serbisyo para sa biktima o mga isinaling porma

Ayos lang bang humiling ng isang interpreter?

OO. May karapatan ang bawat isa na maunawaan ang impormasyon at makipag-usap sa wikang pinakakomportable nilang gamitin.

Maaari bang ang aking anak, kamag-anak, o isang nakasaksi ang mag-interpret para sa akin?

HINDI. Hindi gumagamit ang KCSO ng mga kapamilya, mga bata, o mga nakasaksi bilang mga interpreter, maliban sa mga agarang sitwasyon na may kinalaman sa agarang banta sa kaligtasan, alinsunod sa patakaran ng KCSO.

Payo sa paggamit ng interpreter

Kapag nakakonekta ka na sa isang interpreter

- Magsalita ng dahan-dahan at gumamit ng maiikling pangungusap.
- Huminto nang madalas upang makapagsalita ang interpreter.
- Magpalitan kayo sa pagsasalita. Huwag magsalita nang sabay-sabay.
- Humingi ng paglilinaw anumang oras.